

# 1

Sa madilim na silid, nakatayo sa tapat ng malaking bintana si Lydia Corazon vda. de Lacsamana. Sa pagkamatay ng asawa niyang si Rogelio ay nag-iisa na siya sa mundo. Sa kamalasan kasi ay hindi nabiyayaan ng anak ang kanilang pagsasama.

Hindi maglalaon ay papanaw na rin siya. Kahit nang mga sandaling iyon ay unti-unti nang kinakain ng cancer ang kanyang atay. Nang umagang iyon lang niya nalaman ang impormasyon mula sa manggagamot niyang si Dr. Perea. Gusto nga ng doktor ay sumailalim na siya kaagad sa masusing gamutan pero tumanggi siya.

“Kung ayon sa iyo’y napakaliit na ng tsansa kong gumaling pa, ba’t pa ’ko magpapakahirap?” sabi niya kay Dr. Perea. At walang magawa ang manggagamot para magbago ang isip niya. Hindi na siya dapat mag-alala. Noon pa naman ay gusto na niyang sundan si Rogelio sa hukay.

Inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng silid. Sa malamlam na liwanag na nagmumula sa ilaw na nasa labas ng bahay ay mababanaag ang karangyaan niyon—mula sa antigong mga cabinet na gawa pa

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

sa ibang bansa noong nagsisimula pa lang ang siglo hanggang sa malambot na kutsong nakapatong sa antigong kama na gawa sa brass.

Sa kabila ng kasalanang nagawa niya, kung tutuusin ay naging mabait sa kanya ang tadhana. Pero ngayon, bukod sa kalungkutang nadarama niya sa kaalamang wala nang direktang kamag-anak na magmamana ng kompanyang pinaghirapan niyang palakihin at patatagin, sampu ng kayamanang iiwanan niya, nangangamba rin siyang hindi makapasa sa pamantayan ng kalangitan. Kung totoong alam ng Maykapal ang lahat ng nagawa ng isang tao habang nabubuhay pa ito sa daigdig, tiyak na hindi lingid Dito ang isang kabuktutang ginawa niya mga dalawampu't limang taon na ang nakakalipas.

*May panahon pa ako,* sa loob-loob niya. Puwede pa niyang ituwid ang kamaliang iyon at nang masigurong matahimik ang kaluluwa niya sa kabilang daigdig.

---

Habang nagmumuni-muni si Mrs. Lacsamana ay nagkakasayahan naman ang lahat sa bahay ni Tatang Selmo sa malayong bayan ng San Fabian.

Sa bangkong nasa ilalim ng mga punong kawayan ay nakaupo ang dahilan para sa pagtitipong

iyon—si Teresa, nag-iisang anak nina Tatang Selmo at Inang Milagros. Kararating lang ng dalaga galing sa Maynila kung saan siya nakapagtapos ng kolehiyo, sa tulong nina Don Felipe at Doña Magda Alvarez, ang mayamang pamilyang pinagtatrabahuhan ni Tatang Selmo.

Napapaligiran si Teresa ng kabinataan at kadalagahan ng kanilang bayan. Panay ang pakikipaghuntahan at biruan ng mga ito sa kanya.

Dalaginding pa siya nang lisanin ang bayan ng San Fabian at makipisan sa isang kaanak sa Maynila para mag-aral. Bihira siyang makauwi noong nag-aaral siya dahil kahit na sinusustentuhan ang pag-aaral niya ay kumuha pa rin siya ng part-time na trabaho para may maipadala sa kanyang mga magulang na nag-iipon para matubos ang maliit na lupang kinatitirikan ng bahay nila. Naisanla nila iyon nang minsang maospital si Inang Milagros at kailanganin nila ng malaki-laking halagang pantustos sa pagpapagamot nito. Dahilan niyon, ni hindi siya nakakasaglit sa kanila kahit kapag bakasyon.

Nang makapagtapos ay pinagtrabaho naman siya bilang sekretarya sa isang maliit na opisina ng isang kamag-anak ni Doña Magda sa Maynila para mapakinabangan daw ang natutunan niya.

## *Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

Kasing-sagwa rin ng pag-uugali ni Doña Magda ang kamag-anak nito. Hindi siya pinapayagang magbakasyon ng mga ito kahit ilang araw lang. Kahit nga noong pumanaw si Don Felipe ay hindi siya nakauwi. Ano ba raw ang gagawin pa niya roon, hindi naman siya kamag-anak ng pamilya?

Sandali lang ang inilagi niya sa tanggapanang iyon. Sapat lang na maging bihasa siya sa ginagawa. Pagkatapos ay pinabalik na siya ng San Fabian dahil may ibang gustong ilagay sa kanyang posisyon.

Ngayon nga ay nasa bakuran ang kanilang mga kamag-anak at kakilalang ang iba ay nanggaling pa sa kung saan-saang liblib na barrio ng San Fabian. Malakas ang tugtog na nagmumula sa malaking karaoke pero walang nagrereklamo sa mga kapitbahay. Palibhasa ay nandoon din ang karamihan sa mga ito.

Ilang manok ang kinatay ni Inang Milagros. Isang biik ang nilitson para sa pagtitipong iyon na ginawa na ring pagdiriwang sa kaarawan niya kahit dalawang linggo pa ang layo niyon.

May nagpalit ng tape na nakasubo sa karaoke. Napatid ang nakakatulig na disco music at ilang saglit lang ay pumailanlang ang malamyos na tinig ng isang kilalang mang-aawit ng love songs.

“Sayaw naman tayo,” yaya kaagad ni Leon kay Teresa.

Sa isang sulok ng bakuran sila humantong. Doon ay ikinulong siya ng lalaki sa mga bisig nito at sinabayan nila ang mabagal na tugtog. Hinawakan siya nito sa likod ng leeg at inilapat ang ulo niya sa balikat nito.

Napapikit siya at sa pagsasara ng mga mata ay parang nawala siya sa pangkasalukuyan. Bumalik siya panandalian sa isang insidenteng bagaman matagal nang nangyari ay nakatimo pa rin sa kanyang alaala....

---

Mga pitong taong gulang pa lang si Teresa noon. May pagtitipong ginaganap sa bakuran ng mga Alvarez. Hindi kagaya ng selebrasyong idinadaos sa bahay nila nang araw na iyon, ang pagtitipong iyon ay sampung beses na mas marangya—nag-uumapaw ang samu’t saring putahe, bumabaha ng serbesa at iba pang nakakalangong inumin. May banda pang nagdudulot ng kaaya-ayang musikang puwedeng sayawan.

Tauhan si Tatang Selmo ng mga Alvarez kaya natural nang tumulong si Inang Milagros sa malaking bahay kapag gayong mga okasyon. Ayaw paiwan sa

kapitbahay nila si Teresa kaya isinama na lang siya ng ina sa mansyon.

Sa kainitan ng pagtitipon ay iniwan siya ng ina kaya patalilis siyang nagtungo sa halamanan. Sa likod ng mayabong na mga sampaguita at bougainvillaea, pinanood niya ang nagaganap sa bakuran.

Siyang-siya siya sa panonood sa mga bisitang nagsisipagsayaw. Sa kanyang isipan, nakikita niya ang sariling nakasuot ng mga damit na kasing-gara ng mga suot ng kababaihang naroon. Pikit ang mga mata, pinaglaro rin niya sa imahinasyon na may kasayaw siya.

“Uy, ano’ng ginagawa mo?”

Napalundag siya nang may tumapik sa kanya. “Ba’t ka ba nanggugulat?” nabubugnot niyang tanong nang makita kung sino iyon—si Roberto, unico hijo ng mga Alvarez at kalaro niya sa tuwing dadalhin siya ng ina sa malaking bahay.

Tatawa-tawa ito. “Ba’t kasi pipikit-pikit ka diyan?”

“Um!” Sinuntok niya ito sa braso pero lalo lang itong natawa.

“O, o, ba’t ka nangingiliti?” dagdag na pang-aalaska nito.

“Ang yabang mo. Um! Um! Um!” Sunud-sunod ang gigil na pagsuntok niya rito.

Tawa naman ito nang tawa. “Tama na! Kiliting-kiliti na ’ko!”

Sa sobrang galit ay napaiyak na lang siya. Nang makita siyang sumalampak sa damuhan ay nakonsyensya si Roberto.

“Tama na. Pikon ka naman, eh.”

Hindi niya ito pinansin. Nakasubsob pa rin ang mukha niya sa mga palad habang patuloy sa paghikbi.

Lumuhod ito sa kanyang tabi. “Tahan na... tahan na....” pag-alo nito. “Ay! Pakinggan mo ang tugtog, o. Ang ganda, di ba? Sayaw tayo.” Desperado na itong patigilin ang kalaro. Baka mabuko pa sila ni Doña Magda. Tiyak, mapapagalitan ito kapag nahuling nakikihalubilo na naman sa anak ng katiwala.

Nag-iisang supling si Roberto. Napakatagal pa bago ito sumulpot sa mundo. Akala nga ng marami ay hindi na magkakaanak si Doña Magda. Hindi kataka-takang tutok na tutok dito ang pansin ng mga magulang, lalo na ang mama nito.

Umubra ang taktika nito. Natigil sa pagngalang si Teresa. Nagtaas siya ng mukha para makinig.

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

Pagkuwa'y gumapang siya at bahagyang hinawi ang mga halaman para tingnan kung ano ang ginagawa ng mga nasa bakuran.

Bigay na bigay sa pagsasayaw ang mga babae at lalaking naroon.

“Ang sabi mo, sasayaw tayo?” baling niya sa kalaro.

Bantulot nitong ipinatong ang isang kamay sa baywang niya at ang isa naman ay inilagay sa kanyang balikat.

Umindak sila sa saliw ng malamyos na tugtugin.

Pumikit ulit si Teresa, muli ay naglaro ang imahinasyon. Napakaganda raw ng damit niya. At nakakorona pa siya. Sa aktibo niyang imahinasyon ay isang prinsipeng si Roberto na nagligtas sa kanya mula sa dragon kaya biniyayaan niya ito ng isang sayaw.

Dalang-dala siya sa iniisip kaya hindi niya narinig ang matinis na tinig.

“Bakit?” nayayamot niyang tanong nang bigla siyang bitawan ng kasayaw.

“Si Mama, tinatawag ako!”

Bago pa siya makakilos ay biglang nahawi ang



mga halaman at sumungaw ang ulo ni Doña Magda.

“Naku, bata ka! Kanina pa kita hinahanap. Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong nito kay Roberto. Pagkuwa’y namataan nito ang kasama ng anak. “Sinasabi ko na nga ba’t kabuntot mo na naman ang kutong-lupang ito! Hijo, gusto mo ba talagang maagang mawalan ng mama?”

Hinawakan ng doña ang dibdib bilang pagpapa-hiwatig ng sakit nito sa puso. Mga dalawang beses na itong inatake. Hindi naman gaano kalala pero mula nang mangyari iyon ay parati nitong ipinaalala sa anak at asawa ang kalagayan tuwing may ginagawa ang mga ito na hindi nito gusto.

“Tiyak, kagagawan na naman ng malditang ’to! Bakit ba dikit ka nang dikit dito sa anak ko?” nanlilisik ang mga matang baling nito kay Teresa.

“Naglalaro lang po kami....”

Hinagip siya ni Doña Magda sa tagiliran niya at kinurot nang manipis. “At sino’ng may sabi sa ’yong puwede kang makipaglaro kay Roberto? Di ba sabi ko’y huwag kang lapit nang lapit sa kanya? Ang tigas ng ulo mo!” Kasabay niyon ay pinilipit pa nito ang balat na hawak.

“Aray ko pooo...!”

“Ma, tama na. Tayo na po. B-baka hinahanap na kayo ng mga bisita n’yo,” sabad ni Roberto.

“Sa susunod na makita kong sasama-sama ka na naman sa anak ko’y malalagot ka.” Dinuru-duro pa ng matatalas na kuko ng doña ang batang babae. “Nasa kusina ang nanay mo. Puntahan mo doon! Huwag kang pakalat-kalat diyan at baka makasalubong ka pa ng mga bisita!” Kumislot ang ilong nito na parang naaalibadbaran sa amoy ng kaharap na paslit. “Sulong na! Ano pa’ng hinihintay mo? Pasko? Matagal pa ’yon!”

Natatarantang nagtatakbo si Teresa papunta sa kusina ng mansyon.

*Ang yabang talaga! Hmph! Pangit!* iniisip niya habang tumatakbo. Sa ikailang ulit ay nagtaka siya kung bakit kung ano ang ibinait-bait nina Roberto at Don Felipe ay siya namang ikinasungit ni Doña Magda.

---

Kasabay ng pagtatapos ng tugtog ay bumalik sa pangkasalukuyan si Teresa. Naalala na naman niya si Roberto. Hindi na siya batang paslit kaya malamang ay binatang-binata na rin ang dating kalaro na mas matanda sa kanya ng limang taon.

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

Sa kanyang mga sulat, maya't maya ay itinatanong niya ito sa ina. At tuwing may liham na dumarating buhat kay Inang Milagros ay kinakabahan siyang baka ibalita sa kanyang mag-aasawa na si Roberto.

Sumagi rin sa isip niya si Doña Magda. Kakatwang sa tinagal-tagal ng babala nitong mamamatay sa atake sa puso ay buhay na buhay pa ito hanggang sa kasalukuyan at tila malakas pa sa kalabaw. Nauna pang pumanaw si Don Felipe na mas malamang ay namatay sa kunsumisyon sa asawa.

Nagsimula ang panibagong tugtog at kinabig ulit siya ni Leon. Muli namang naglakbay ang diwa ni Teresa....

---

Binatilyo na noon si Roberto pero mahilig pa ring maglaro. At wala naman itong ibang makalaro kundi si Teresa.

Saglit itong nakawala sa mapanuring mata ng ina nang sumakit ang ulo ni Doña Magda at magkulong ito sa kuwarto.

May pagtitipon na naman kinagabihan sa malaking bahay kaya naroon ulit si Inang Milagros, kasama si Teresa.

Niyakag ni Roberto ang kababata at nang

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

makahanap sila ng tiyempo ay nagtatakbo sila papunta sa talon. Malakas noon ang agos ng tubig dahil ilang araw nang nag-uulan. Pero hindi iyon inalintana ng dalawa.

“Ligo tayo,” ganyak kaagad ni Teresa.

“Ayoko. Wala akong panligo,” tutol ni Roberto.

“Eh, di ’yang suot mo.”

“Ayoko nga. Basa akong uuwi.”

“Hmph! Kung ayaw mo, ’wag.” Pagkasabi niyon ay lumusong na siya sa tubig para tumapat sa bumubuhos na talon.

“Teka!”

Imbis na pakinggan ang kasama ay binilisan pa ni Teresa ang paglakad, dahilan para madupilas siya sa malulumot na bato. Bago matuklasan kung ano ang nangyayari sa kanya ay inaanod na siya ng agos. “Robertooo!” nasisindak niyang sigaw.

Saglit lang nag-alanganin ang binatilyo bago nagmamadaling tumalon sa ilog. Bukod sa kasalanan niya kaya sila naroon sa may talon, ayaw niyang may mangyaring masama kay Teresa.

Hindi niya alam kung paano niya nakayang

sagasain ang malakas na agos pero sa dakong huli ay nakuha niyang abutan ang kalaro at hilahin ito pabalik sa pampang.

“Buhay ka ba?” Inalug-alog ni Roberto ang kababata, sinampal-sampal sa pisngi.

Nakapikit ang mga mata ng batang babae, hindi kumikilos.

“Huwag kang mamatay... Huwag ka namang mamatay.” Gusto nang umiyak ni Roberto. Niyakap pa siya nito.

Tuwang-tuwa si Teresa. Ang sarap-sarap ng pakiramdam niya habang nakabalot ang mga bisig nito sa kanya. Noon pa siya nagpapantasyang may kuya siya at natagpuan niya iyon sa pagkatao ni Roberto.

“Pag namatay ba ’ko, iiyak ka?” Nagmulat na siya ng mga mata.

Kaagad siyang ibinagsak nito nang makitang hindi naman pala siya naghihingalo. “Nakakainis! Akala ko’y nalunod ka na. Ang kulit mo kasi! Hindi ka nag-iingat. Kung may nangyari sa ’yo, lagot ako sa nanay mo.”

“Tse! Akala ko pa nama’y nalulungkot ka sa

pagkamatay ko, iyon pala natatakot ka lang.”

“Malulungkot din naman ako,” seryosong sabi nito.

“Talaga?”

“Oo na, oo na. Bangon na nga diyan. Umuwi na tayo.”

Tumayo siya at biglang kumaripas ng takbo. “Ang mahuli... pangit,” humahagikgik niyang sabi.

Pero mukhang minamalas talaga sila. Si Doña Magda pa ang una nilang nakasalubong pagbalik sa mansyon. Kaagad silang kinaladkad nito papasok sa isa sa mga silid.

“Saan kayo galing?” usisa nito.

“W-wala po,” nangingiming sagot ni Teresa.

Sinampal siya ng doña. “Huwag kang sinungaling! Saan kayo sabi galing?”

“Sa ilog po.” Napilitang magtapat si Roberto.

Isang malakas na palo ang pinadapo ni Doña Magda sa puwit ng anak nang malaman nito ang nangyari sa kanila. “Sabi ko na, ’wag na ’wag kang sasama sa malditang ’yan! Kita mo, muntik na kayong madisgrasya! At kung napahamak siya, ikaw pa ang

sisisihin ng pobreng ama't ina niyan! Baka humingi pa ng pagkalaki-laking danyos," pagtatalak nito.

Pagkatapos ng anak ay si Teresa naman ang hinarap nito. Di hamak na mas masasakit ang palo na inabot niya. At mas marami pa ang mga iyon, kasabay ng masasakit na salita buhat sa doña.

"Tama na po, Mama. Tama na po." mangiyak-ngiyak na awat ni Roberto sa ina.

"Anong tama na? Ayaw magtanda ng gusgusing surot na 'to kaya bagay lang ito sa kanya! At ikaw, Roberto, wala ka talagang pakialam maski mamatay ako nang maaga, ano?" Kasunod niyon ay sinaklot ni Doña Magda ang dibdib at suminghap-singhap ito.

Nataranta si Roberto sa nakitang anyo ng ina. Nagtatakbo ito kaagad para kumuha ng gamot.

Nang makabalik sa silid dala ang tableta ay nandoon na si Don Felipe. Pinapaypayan nito ang asawang nakahiga sa kama. Nanlalaki ang matang nakamasid si Teresa sa mga ito, kabadung-kabado sa magiging reaksyon ng don kapag nalamang kasalanan niya kung bakit nagkaganoon si Doña Magda.

"Pa...." bungad ni Roberto, iniaabot ang gamot sa ama.

Umiling si Don Felipe. “Hindi niya kailangan iyan. Dapat lang siyang magpahinga,” anito. Pagkuwa’y napadako ang paningin nito kay Teresa na namimilog pa rin ang mga mata at tahimik na nakatayo sa isang sulok. “Hija, ang mabuti pa’y puntahan mo na ang inay mo. Baka hinahanap ka na niya.”

Gusto niyang maiyak sa himig ni Don Felipe na nagpapahiwatig ng pang-unawa. Tahimik nitong sinenyasan si Roberto para samahan siya.

“Bati mo pa ba ’ko kahit nagkasakit ang mama mo dahil sa ’kin?” tanong niya sa kalaro nang nasa pasilyo na sila.

“Hindi ako galit sa ’yo.”

“Talaga? Magkaibigan pa rin tayo?”

Tumango si Roberto.

Sa galak ay nayakap niya ito. At sa payat na dibdib nito ay tumulo ang kanyang mga luha na bunga ng pinagdaanang nakakatakot na sandali.

“Tama na,” bulong nito habang hinahimas-himas ang likod niya.

Maliit pa si Teresa noon pero may nadama na siyang pagmamahal kay Roberto na para nang isang tunay na kuya sa kanya. Sagabal nga lang ang ina



nito na mukhang ginawa nang misyon sa buhay ang pigilan ang pagiging malapit nila sa isa't isa.

---

Lumaktaw pa ng kung ilang taon ang alaala ni Teresa....

Nasa may burol sila ni Roberto. Nagpunta sila roon sakay ng kabayo ng mga Alvarez. Malaya silang nakapamasyal dahil wala si Doña Magda. Nagpunta ito sa isang kamag-anak na nasa Kapitolyo.

Hindi katulad ng dating saksakan ng daldal si Teresa, wala siyang kibo noon.

“Milagro! Tahimik ka. Teka, may-sakit ka ba?” Hinipo ni Roberto ang noo niya.

Pinalis niya ang kamay nito. “Wala akong sakit.”

“Ba’t di ka nagsasalita? Di ba tumatahimik ka lang pag nilalagnat ka?”

Hindi pa rin siya umimik. “T-talaga bang aalis ka?” pagkuwa’y tanong niya. “Sabi nina Inay, aalis ka raw, eh.” Nagpipigil lang siya kung di ay mapapahagulhol siya. Noong isang araw lang niya nalaman ang tungkol sa napipintong paglisan ng kababata.

“Oo. Mag-aaral ako sa Maynila.”

Kumawala ang impit niyang hikbi. Hinawakan siya nito sa balikat. “Huwag kang umiyak. Babalik-balik din ako. Bago mo nga siguro mapansin, graduate na ’ko. Dito na ulit ako nakatira sa San Fabian.”

“O-oo nga pero... pero nalulungkot pa rin ako. Wala na akong kuya. Huwag ka nang umalis,” pakiusap niya.

“Hindi puwede. Kailangan.”

“B-baka pagbalik mo, di mo na ’ko kilala. Hindi na tayo maglalaro at saka mamamasyal.”

“Puwede ba ’yon? Baka ’ika mo, pagbalik ko’y di mo na ’ko pansinin dahil marami ka nang manliligaw,” biro nito.

“Hindi, ah! Ayoko ng manliligaw. Ang gusto ko’y ikaw.” Napaiyak na siya nang tuluyan.

Kinabig siya nito at niyakap para ayuin.

“Basta, huwag mo ’kong kakalimutan, ha?” sisiguk-sigok niyang sabi.

“Hinding-hindi,” taimtim na sagot ni Roberto.

---

“Hoy, Teresa! Ano ba? Ang sabi ko, maupo na muna tayo. Wala nang tugtog.” Bumalik na naman

sa pangkasalukuyan ang dalaga nang tapikin siya ni Leon.

“Ha? Eh, oo nga pala. H-halika na.” Tuliro pa rin siya habang naglalakad sila pabalik sa mga kaumpukan.

“Sino ba’ng iniisip mo? May naiwan ka yata sa Maynila,” may paghihinampong kanyaw nito.

“Naku, wala, ha?” Totoo iyon. Wala sa Maynila ang taong iniisip niya kundi nasa sentro lang ng bayan nila, sa malaking bahay ng mga Alvarez.

*Kumusta na kaya si Roberto?* sa ikailang ulit ay tanong niya sa isip. *Hindi pa kaya niya ako nakalimutan?* Bahagya siyang umasang dadalawin siya nito kapag nalamang umuwi siya pero kaagad niyang pinalis ang ilusyong iyon. Ngayong malalaki na sila, higit na mas alangan sila para sa isa’t isa. At hindi gawi ng mga amo ang dumalaw sa kanilang nasasakupan.

Nabalitaan na rin niya sa mga kanayon na may kasintahan si Roberto—si Gwendolyn dela Vega, anak ng isa pang kinikilalang angkan sa San Fabian. Usap-usapan nga ay malapit nang magpakasal ang dalawa.

*Ano naman ang dapat ikasama ng loob ko?* tanong

ni Teresa sa sarili.

Ayaw man niyang aminin, may kung anong mabigat na dumadagan sa kanyang dibdib kapag naiisip ang bagay na iyon.

Habang masayang nakikipagkuwentuhan si Teresa ay mataman itong pinagmamasdan ni Inang Milagros. Napapangiti ang matanda habang pinanonood ang anak.

*Napakabuting bata. Talaga yatang hulog siya sa amin ng Diyos, sa loob-loob niya. Nang maalala ang mga naganap noong sanggol pa lang si Teresa ay muli siyang napausal ng panalangin ng pasasalamat sapagkat isang biyaya ang tingin niya sa anak na labis na nagpaligaya ng buhay nilang mag-asawa.*

## 2

Samantala, si Roberto pala ay wala pang balitang nasasagap tungkol sa pagdating ni Teresa. Paano ay abalang-abala siya sa mga gawain. Sa pagkamatay ng papa niya ilang buwan pa lang ang nakakaraan ay maraming naiwan na dapat asikasuhin sa ari-arian at kabuhayan nila. Nitong nagdaang linggo nga ay panay ang punta niya sa mga karatig-bayan at kadalasan ay gabi na kung makabalik sa San Fabian.

Mula nang magkasakit ang asawa ay naging aktibo rin si Doña Magda sa pamamahala ng ilan sa kanilang mga lupain at nang mamatay nga ang don ay inako na nito nang tuluyan ang ilang responsibilidad. Si Roberto naman ang nagpapalakad ng rancho, mga babuyan, manukan at palaisdaan nila, pati na pag-aasikaso sa mga suliraning naiwan sa pagkamatay ng ama.

Kagagaling lang ni Roberto sa San Marcelino, karatig-bayan nila, nang araw na iyon para ayusin ang isa na namang problema.

“Ikaw na ba ’yan, Hijo?” tanong ni Doña Magda nang marinig ang mga yabag sa pasilyong nasa labas ng silid nito. Bumangon ito at binuksan ang pinto.

“Ginabi ka yata?”

“Nasiraan ho ako. Kinumpuni ko pa ’yong makina.”

“Ba’t kasi lumalakad ka nang di napapatingnan ang sasakyan? Mabuti’t diyan ka lang nagpunta sa kabilang bayan. Paano kung liblib ang lugar na dinayo mo’t doon ka nasiraan? Dapat yata’y bumili na tayo ng bagong kotse.”

“Hindi pa kailangan, Ma. Sayang naman kung ididispatsa natin ang sasakyan ni Papa samantalang gumagana pa. Kaunting kumpuni lang ang kailangan n’on. Bukas ay titingnan kong mabuti ang makina.” Hindi na sinabi ng binata na nanghihinayang siya sa perang gagastusin sa pagbili ng bagong sasakyan.

“Dalhin mo na lang kay Tonyo.” Ang mekaniko sa bayan ang tinutukoy ng ina. “Hindi mo dapat inaaksaya ang oras mo sa ganyang mga bagay. Ang dami-daming dapat gawin,” sabi nito. “Maalala ko nga pala, kukuha ako ng makakatulong sa pag-aasikaso ng mga lupain natin. Hindi ko na kaya. Maski isang sekretarya lang na puwedeng mag-ayos ng napakaraming mga papeles.”

“Ako na lang ang tutulong sa inyo,” boluntaryo niya.

“Sa sariling trabaho mo nga lang ay di ka na magkandaugaga, tutulongan mo pa ’ko? Umupa na lang tayo ng tauhan.”

“Dagdag gastos na naman ’yan, Ma. Di ba sabi ko sa inyo, di tayo dapat basta-basta nagtatapon ng pera?”

“Itatapon ko ba ang pera sa lagay na ’yon? Para sa kaunting kaginhawahan ko lang naman ’to. Isa pa, ’wag mong sabihing ganoon na tayo kapulubi na hindi natin makayang magpasuweldo ng kahit isang tao lang? Ang dami mo na ngang ibinawas sa mga tauhan natin.”

“Ganoon talaga. Kailangan. Maraming utang si Papa na dapat nating bayaran agad kung di’y maiilit ang mga ari-arian natin.”

“Saan ba naman kasi ginamit ng papa mo ang pera?”

“Sa maraming bagay. Naroon na ’yong pag-eeksperimento niya ng prawn farming at kung anu-ano pa.” Hindi na sinabi ni Roberto ang mas malaking dahilan ng pagkakautang ng ama ay ang pagkatalo nito ng malaking halaga sa nakahiligang sabong.

“Ah, basta! Gusto ko ng alalay. Masyado akong

napapagod. Baka nakalimutan mo na, sabi ni Dr. Santos ay 'wag akong masyadong magpapagod at nagpapatensyon, at baka atakihin na naman ako.”

“O sige, pero kayo na ang bahalang maghanap. Kayo na rin ang bahalang magpasuweldo,” sabi niya para matapos na ang usapan. “Paano ho, magpapahinga na 'ko.” Nag-aalimpuyo ang kaloobang iniwan na niya ang ina. Bakit ba kasi ang hirap na hirap makaintindi nito sa nagbabagong estado nila sa lipunan.

Kung nagngingitngit si Roberto, mas lalo na ang mama nito. Sa tanang buhay ng doña, noon lang siya naobligang maghinay-hinay sa paggasta ng pera. Maski noong hindi pa niya napapangasawa si Don Felipe, hindi siya kailanman kinakapos sa salapi. Bilang paboritong anak, pinipilit sundin ng kanyang ama ang lahat ng luho niya maski magkandautang-utang ito.

Nang magpakasal siya sa may-kayang si Don Felipe ay lalo na siyang nalulong sa buhay-mayaman. Ngayon tuloy ay ayaw niyang tangkilikin ang anumang ideyang magpapatunay na hindi na sila nahihiga sa salapi.

Tinitingala pa rin siya sa bayan nila. At kailangan niyang pangalagaan ang image na iyon.



*Nahihirapan ako kaya kailangan ko ng alalay, pagpupumilit niya sa sarili. Kaya ko siyang suwelduhan!*

Mayamaya ay may naalala siya.

*Iyong anak ni Milagros, si Teresa, hindi ba't nakabalik na siya galing Maynila? sa loob-loob niya. Bakit ako gagastos gayong malaki ang utang na loob sa kanila ng babaeng iyon na pinapag-aral ni Felipe?*

Natatandaan pa niya ang naging pagtatalo nila ng asawa nang sabihing gusto nitong tulungan ang katiwala nilang si Tatang Selmo na matapat ang naging panunungkulan sa kanila....

---

“Kapag tinustusan mo ang pag-aaral ng anak ng Selmo na 'yon, asahan mong bubulabugin ka ng lahat ng tauhan natin. Lahat sila, ipapakiusap na papag-aralin mo rin ang mga anak-anak nila,” protesta ni Doña Magda sa ibig mangyari ng asawa.

“Ganoon naman talaga ang ginagawa ko. Di lang si Selmo ang kauna-unahang matutulungan ko pag nagkataon. Isa lang siya sa marami na nating mga tauhan,” katuwiran ni Don Felipe.

“Ay, naku! Di pa rin ako sang-ayon. Ba't ba kasi naisip-isipan mo pang tulungan 'yang si Selmo?”

sabi niya, kasabay ng marahas na pagbubukas ng mamahalin niyang pamaypay. Kung gaano kagaan ang dugo ng asawa niya kina Selmo at Milagros ay siya namang bigat ng damdamin niya sa mga ito. At ang pangunahing dahilan na nga ay si Teresa.

“Maganda naman kasi siyang manilbihan, pati na si Milagros,” rason ng don. “At nakakatuwa rin naman ’yong anak nila, di ba? Maski nga si Roberto nati’y naeengganyong makipaglaro sa kanya.”

“Hmph! Dikit kasi nang dikit ang Teresa na ’yon sa anak natin. Ayaw na ayaw ko ngang magkasama sila. Natututo ng kung anu-ano si Roberto natin. Isipin mo, ang kala-kalaro niya’y anak ng isang katiwala.” Itinaas pa ni Doña Magda ang ilong na parang may naaamoy na hindi kanais-nais sa alaala ng batang babae. “Sinabihan ko na ang ina niya na ma’nong ’wag itong papalapitin kay Roberto pero kuuu...! Nakakagigil!”

“Ikaw talaga, umiral na naman ’yang pagkamata-pobre mo,” naiiling na sabi nito. “Basta, gusto kong tustusan ang pag-aaral ni Teresa. Nakapagpasya na ako kaya ’wag mo na ’kong kontrahin.”

“O sige, payag na ako yaman din lang at mapilit ka. Pero sa isang kondisyon, kung talagang ayaw mong papigil. Sa Maynila mo papag-aralin ang batang

'yon." Nakasilip ng magandang oportunidad ang doña para manatiling magkalayo sina Roberto at Teresa.

"Sa Maynila? Bakit doon pa? Puwede na siya sa paaralan sa Kapitolyo."

"Basta! Gusto ko'y doon siya. Pero di ko sinabing ipasok mo siya sa *Universidad ng Pilipinas* o sa *Ateneo de Manila*. Doon lang sa pipitsuging eskuwela dahil doon siya bagay. Basta't ang mahalaga'y sa Maynila siya. At pagkatapos niyang mag-aral, obligahin mo ang mga magulang niyang punan sa kahit anong paraan ang itinustos mo sa anak nila."

"Tumigil ka nga, Magda," mariing saway nito. "Kawanggawa ko ang pagpapaaral kay Teresa. Hindi iyon naghihintay ng kapalit."

"Ikaw ang taong masyadong malambot ang puso. Bahala ka na nga. Pero gusto ko talaga sa Maynila siya papasok," giit ni Doña Magda. Mahirap na. Magtatapos na ng kolehiyo si Roberto at babalik na ito ng San Fabian. Ayaw niyang nandoon si Teresa sa pag-uwi ng anak. Hindi dapat nagkakalapitang-loob ang dalawa. Baka sa kamalasan ay magkagusto pa ang anak niya sa babaeng iyon.

"Bahala na," sagot ni Don Felipe. "Baka naman ayaw ni Teresa na malayo sa mga magulang niya.

O baka ayaw ni Selmo na ipadala sa siyudad ang nag-iisa niyang anak.”

“Marami pa silang arte. Kung ayaw nila, di ’wag!”

Hindi naman pala kinailangang mabahala ni Don Felipe. Kapag pag-aaral ang pag-uusapan ay walang kaarte-arte sina Tatang Selmo at Teresa. Para sa kanila, isang oportunidad na hindi mapapalagpas ang iniaalok ng don. Hindi na bale ang sa malayo titira si Teresa, basta makapagtapos lang ito ng pag-aaral.

Lalo pang naayos ang lahat nang makausap ni Tatang Selmo ang isang kamag-anak nilang sa Maynila namimirmihan at pumayag itong makipisan doon si Teresa.

“Hay, mabuti naman at mawawala na rito ang batang ’yon! Baka gayumahin pa niya si Roberto ko paglaki-laki pa niya nang konti,” parang nabunutan ng tinik na balita ni Doña Magda sa isang amiga.

“Sinabi mo pa! Malay mo, baka nag-aambisyon din ang magulang ng batang ’yon kaya parating dinadala sa inyo ang anak nila,” panggagatong ng matapobre rin nitong amiga.

Ngayon, malaki na si Roberto. May isip na ito kaya alam nitong hindi ito dapat basta-basta pumapatol kay Teresa. Isa pa, may katipan na ang binata at

hindi ito tanga para ipagpalit ang isang dela Vega sa anak ng katiwala lamang. Hindi na masyadong delikado maski magpakalat-kalat sa kanila ang dati nitong kalaro. Iyon ang iniisip ni Doña Magda. Kaya kinabukasan, pagkaalis ng anak ay nagpapunta siya ng tao sa bahay nina Teresa.

Pinasundo niya si Milagros, pati na ang anak nito.

---

“Hindi na ako magpapaliguy-ligoy,” simula kaagad ni Doña Magda nang nasa harap na niya ang mag-ina. Ni hindi niya pinaupo ang mga ito. Siya lang ang nanatiling nakaupo sa malaking silyang nasa loob ng silid na nagsisilbing opisina nila ng anak. “Pinapag-aral ka ng asawa ko. Hindi naman siguro masama kung hingan ko ng kahit konting sukli ang tulong na iyon.” Kay Teresa ito nakatitig habang nagsasalita.

“Ano po bang sukli ang ibig ninyong sabihin?” tanong ni Milagros.

“Maliit na pabor lang naman sana. Mula kasi nang mamatay si Felipe ay kinailangan ko nang akuin ang ilan sa mga dati niyang responsibilidad. Alam n’yo naman, di na ’ko kasing-lakas ng dati. Kaya kailangan ko ng makakatulong. Ng alalay ba.”

*Hindi kasing-lakas ng dati? Para ngang lalo pa siyang lumakas... at mas naging nakakatakot, sa loob-loob ni Teresa.*

Bumaling kay Milagros si Doña Magda. “Kung puwede sana, hihiramín ko muna si Teresa para tulungan ako. Mas mainam naman siguro ang ganito kesa pabayaran ko ang ginugol sa pag-aaral niya.”

Tumingin si Milagros sa anak na parang tinatanong kung payag ito.

“S-sige ho. Malaki naman talaga ang utang na loob ko sa inyo kaya dapat lang na tanawin ko ’yon,” anang dalaga. Makakatangi ba siya kung ganoong may bantang pababayaran sa kanila ang ginamit sa pag-aaral niya kapag hindi siya pumayag?

“Mainam kung gayon. Oo nga pala, isang bagay pa. Sa simula siguro’y sapat na munang pakainin kita’t bigyan ng kaunting panggastos. Tatal ay napakagaan naman ng magiging trabaho mo.”

Natigilan siya. Parang ginugulangan siya at gusto niyang magprotesta pero naisip din niya, mabuti na ang mapunan niya ang utang na loob sa mga Alvarez at nang huwag na iyong isumbat-sumbat sa kanya ni Doña Magda. “Wala hong problema,” pagkuwa’y sagot niya.

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

“Nagkakaintindihan pala tayo kung gayon. Magsimula ka bukas,” utos nito.

Tumango siya. *Maigi nang magsimula agad at nang agad ding matapos ang responsibilidad ko rito*, naisip niya. Isang pang dahilan ng pagpayag niya ay si Roberto. Magkakasama na naman sila nito gaya noong maliliit pa sila. Nasasabik na siya sa muling pagtatagpo ng landas nila ng dating kalaro.

“Anong oras ho ba siya dapat nandito?” tanong ni Milagros.

“Mga alas nueve. Bandang alas cinco siguro ng hapo’y puwede na rin siyang umuwi kung walang nagmamadaling trabaho,” ani Doña Magda.

“Sige ho.”

Nagpaalam na ang dalawa at umalis na.

Hindi nasisiyahan si Milagros sa takbo ng mga pangyayari. Nag-aalala ito para sa kapakanan ng anak.

### 3

Umaga pa lang ay parang sinisilihan na sa tumbong si Teresa. Kung ilang ulit ay bumalik-balik siya sa salamin para tiyaking ayos ang hitsura niya bago siya pumunta sa bahay ng mga Alvarez. Siyempre pa, nasasabik siyang makita at makausap ang kababata.

“Ano ka ba? Kanina pa paikut-ikot diyan. Kumain ka na’t nang makalakad na. Mamaya niyan unang araw mo pa lang ay masita ka na ni Doña Magda,” nag-aalalang sabi ni Inang Milagros.

“Sino ba kasi’ng pinagpapagandahan mo?” sabad ni Tatang Selmo. “Huwag mong sabihing si Roberto? Kuuu, ’wag ka nang umasa! Tiyak, nabubulagan na ’yon ng kagandahan n’ung nobya niyang si Gwen.”

“Ang Itay talaga. Ba’t ko naman pagpapagandahan si Roberto?” namumula ang mukhang tanggi niya.

“O, o, ’wag kang sumimangot at baka maputol ’yang nguso mo,” saway ng ina niya. “Kung hindi totoo ang sinabi ng itay mo’y ba’t ka napipikon? Ma’no ngang ’wag mo nang pag-ilusyunan ’yang si Roberto. Madidismaya ka lang. Upo na rito’t kumain.”

*Ba’t ba ipinagpipilitan ng dalawang ’to na*



*pinupuntirya ko si Roberto, eh, hindi naman talaga, nabubugnot niyang sabi sa sarili.*

Wala siyang magawa kaya sa piniritong itlog na lang niya ibinuhos ang ngitngit.

Matapos mag-almusal ay nagkukumahog naman siyang umalis, animo ay hinahabol ng sampung halimaw. Nagmamadali siya dahil sabik na sabik na siyang muling makita ang kababata.

---

Dapat ay nakaalis na si Roberto. Kalimitan, maagang-maaga pa ay wala na ito sa bahay. Pero sa pagkakataong iyon ay naatraso ito dahil tiningnan pa ang sasakyan.

Kasalukuyan itong may binubutbot sa makina nang marinig na may nagta-tao po sa pintuang bakal. Kasunod niyon ay ang tinig ng isa sa mga katulong nila.

“Uy, Teresa! Napadpad ka rito?” anang katulong.

“Magtatrabaho ako rito.”

Nagtaas ng mukha si Roberto at nagulat nang matanaw ang dumating. Dalagang-dalaga na si Teresa! Iiwan na sana nito ang ginagawa nang pahangos na lumabas si Doña Magda mula sa bahay.

“Mabuti nama’t di ka nahuli. Marami tayong gagawin,” sabi nito sa dalaga na napapasok na ng katulong sa loob ng bakuran.

Hinawakan nito sa braso si Teresa at halos pakaladkad na giniyahan papunta sa pintuan ng bahay. Balak nga nito ay lagpasan na lang si Roberto na nakatayo sa tabi ng kinukumpuning sasakyan kung di pa lumapit ang binata.

“Oo nga pala, Hijo, natatandaan mo pa siguro si Teresa.”

“Puwede ko ba naman siyang makalimutan?” Maluwang ang ngiti ng binata nang bumaling sa dating kalaro. “Maliliit pa kami’y kala-kalaro ko na—”

“Magtatrabaho siya sa ’tin,” pakli ni Doña Magda. “Siya ang magiging *alalay* ko,” malamig ang tinig na patuloy nito at sinabayan iyon ng pagtatapon ng matalim na tingin sa anak. “Marami pa kaming aasikasuhin kaya diyan ka na muna,” anito, pagkuwa’y hinila na papasok ang kasamang dalaga.

Gustong magprotesta ni Teresa. Gusto sana niya ay makausap man lang kahit sandali ang kababata pero malabo nang mangyari iyon kung ganoong kinakaladkad na siya papasok.

Naintindihan naman ni Roberto ang kahulugan

*Sundin Mo Ang Iyong Pusong - Kayla Caliente*

---

ng matalim na tingin ng ina. Naalala niya ang mga insidente ng kanilang kabataan ni Teresa—mga insidente kung saan imbis na sa kanya ibaling ni Doña Magda ang galit ay sa kalaro niya ibinubunton.

Pakikipagkaibigan lang naman ang pakay niya pero hindi iyon maintindihan ng ina. Ngayon, nasa poder na naman nila ang dalaga. Ayaw niyang guluhin pa ang buhay nito kaya hindi na siya nagpumilit na sumunod para makipagbalitaan dito. Alam niyang ikakagalit lang iyon ng kanyang mama. At si Teresa na naman ang mapagdidiskitahan.

---

“Magkaintindihan muna sana tayo sa isang bagay bago tayo magsimula,” ani Doña Magda nang nasa silid-aklatan na sila ni Teresa. “Nandito ka para magtrabaho, hindi para makipagkaibigan kay Roberto. Masyadong selosa ang katipan niya. Ayokong magkaproblema pa sila dahil lang sa ’yo.”

Kumukulo na ang dugo ni Teresa pero sa ngalan ng kagandahang-asal ay nilunok na lang niya ang mga katagang nagkukumawala sa kanyang bibig. Nanatili siyang walang kibo.

Madali lang ang trabaho ng dalaga kung tutuusin. Basta ang kailangan lang ay sumunod siya

*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

nang sumunod sa iniutos ng doña. At buong umaga ay ganoon nga ang ginawa niya.

Nang tanghali na ay may kumatok sa pinto ng silid. Bumungad si Lucing, isang katulong doon.

“Señora, nandiyan po si Gwen,” anito.

“Mabuti, mabuti. Sabihin mo lalabas na ’ko. At maghain ka na rin. Kakain na kami.”

“Opo, Señora.”

“Ikaw, Teresa, sa kusina na mananghali. Sumabay ka kina Lucing,” baling ng doña sa kanya.

---

“Hija, mabuti’t nakarating ka?” bati ni Doña Magda sa magandang babae na komportableng nakaupo sa sala nang lumabas sila ni Teresa buhat sa silid.

Tumayo si Gwen at lumapit sa matanda; nagpapakitang-giliw na hinagkan pa ito sa pisngi. “Magandang tanghali po. Matatanggihan ko ba naman ang paanyaya n’yo? Isa pa, di ba sabi ninyo’y may pag-uusapan tayo tungkol sa lupa n’yo sa Sta. Maria?” anang babae.

“Oo, pero mamaya na ’yon. Kumain muna tayo.

Ipinahanda ko ang paborito mong kaldereta. Siya, tayo na't baka lumamig pa ang pagkain." Giniyahan nito sa gawi ng komedor ang bisita.

"Este, Mama, may bago yata kayong tauhan," sabi ni Gwen nang mapuna si Teresa na kabuntot nila.

"Ah, oo, alalay ko. Anak siya ni Selmo, isa sa mga tauhan namin. Huwag mo siyang pansinin. Halika na." Ipinapahiwatig ng himig ng doña na walang importansya ang dalaga rito.

Sinulyapan siya ni Gwen, pagkuwa'y taas-noong binale-wala na rin siya.

Habang nag-uusap ang dalawa ay lihim niyang pinag-aaralan ang babaeng nababalitang malapit nang makaisang-dibdib ni Roberto.

*Totoo pala ang sabi ni Itay. Ang ganda-ganda niya. At halatang mayaman. Bagay na bagay sila ni Roberto, sa loob-loob ni Teresa. Sapilitan niyang huwag pag-ukulan ng pansin ang kung anong damdaming hatid ng isiping iyon.*

---

Samantala, sa loob ng marangyang silid, kausap ni Mrs. Lacsamana ang kanyang doktor.

"Kung di kayo sasailalim sa chemotherapy, mas

madadali ang buhay n'yo,” ani Dr. Perea.

“Hay naku, Geronimo! Kayong mga doktor talaga, kung minsan, imbis na matulungan n'yo ang mga pasyente ninyo'y lalo n'yo pang pinahihirapan. Gaya niyan, ipinipilit mo sa 'kin ang chemotherapy gayong alam mong masakit ang side effects niyon. Ni wala ring garantiyang magkakaroon iyon ng epekto sa sakit ko.”

“Sa puntong ito, bilang manggagamot mo't kaibigan, gusto kong subukan ang lahat ng alam ko para mailigtas ang buhay mo. Without chemotherapy, you might not have a chance.”

Matagal na natahimik si Mrs. Lacsamana habang pinag-iisipan ang sinabi ni Dr. Perea. “Huwag na. Tatal, nararamdaman ko, malapit nang malagyan ng tuldok ang buhay ko. Mas mahalaga sa 'king maging klaro ang isipan ko sa ilang sandali pang ilalagi ko sa mundo,” pagkuwa'y sabi niya. *May mahalaga pa 'kong misyon, dagdag niya sa isip.*

Nang makaalis ang doktor ay kinuha niya buhat sa cabinet ng maliit na mesita ang itim na talaan. Binuklat niya iyon at pagkuwa'y iniangat ang telepono.

“*Paulino's Detective Agency,*” sagot ng nasa

kabilang linya.

Ilang minuto silang nag-usap ng maniniktik na matagal na niyang kakilala. Ipinaliwanag niyang maigi rito ang mahalagang misyong ipapagawa niya.

---

Sa San Fabian, maagang nakauwi si Roberto. Palibhasa ay nagpasabi ang katratos niya nang hapong iyon na hindi ito makakarating bunga ng isang biglaang lakad. Wala nang ibang aasikasuhin ang binata kaya tumuloy na siya sa bahay.

Nandoon pa si Teresa nang dumating siya. Palabas ito ng silid-aklatang ginagamit na opisina ni Doña Magda nang pumasok siya.

“Kumusta na, Roberto?” masaya at nasasabik na bati ng dalaga. Ngayong wala sa paligid si Doña Magda ay puwede silang saglit na magbalitaan ng kababata.

“Mabuti... Ikaw?”

“Mabuti rin. Ibang-iba na ang hitsura mo, ah,” puna niya.

“T-talaga?” Halatang naiilang naman si Roberto. “I-ikaw rin.”

“Alam mo, pagdating ko pa lang sa San Fabian ay gusto ko nang pumunta rito. Gusto na kitang makita. Kaya lang baka magalit ang mama mo.”

“Oo nga....”

*Ba’t ganito ’tong kausap ko? Walang kalatuy-latoy, naisip niya. Parang wala itong kainte-interes na makipagbalitaan.*

“O sige, m-magpapahinga na muna ’ko,” mayamaya ay sabi nito, pagkuwa’y tumalikod na at umakyat ng hagdan.

Parang lobong inalisan ng hangin ang pakiramdam ni Teresa nang iwan siya ng kababata. Ibang-iba ang nangyari sa kanyang inaasahan. Akala niya, pagbalik niya ng San Fabian ay maipagpapatuloy nila ni Roberto ang dating magandang turingan. Iyon pala, hindi na. Nag-iba na ang kababata niya. Hindi na ito ang dating Roberto na kilala niya, na sa kabila ng agwat ng kabuhayan nila ay isang malapit na kaibigan—o kapatid pa—ang turing sa kanya.

Kunsabagay, matagal na panahon silang nagkalayo, naisip niya. Sa loob ng panahong iyon, malamang ay nag-iba na ang ihip ng hangin. Mukhang nahawa na ito ng mama nito.

Ang hindi alam ni Teresa, sinadya ni Roberto



*Sundin Mo Ang Iyong Puso - Kayla Caliente*

---

ang kilos nito dahil alam nitong nandoon lang sa di-kalayuan ang ina. Umiiwas siya sa masagwang eksena kaya naging malamig ang pakikitungo niya sa dating kalaro.

Mula noon, hindi na inasahan ng dalaga na maging kagaya ng nakalipas ang pagtrato sa kanya ng kababata. Sa ilang beses na nagkasalubong sila sa malaking bahay ay kumilos siyang parang hindi dating kaibigan ang kaharap kundi anak ng pinagtatrabahuan na dapat niyang igalang.

Sa sumunod na araw ay lalo pang tumibay ang paniniwala niyang nagbago na si Roberto na ni minsan ay di na siya pinakitaan ng familiarity na ipinamamalas nito noon.

Walang kamalay-malay ang dalaga na nahihirapan din ang kalooban ni Roberto sa malamig na pakikitungo rito. Kung ilang ulit, gusto na nga niyang kausapin si Teresa at sabihing ganoon pa rin ang pagtingin niya rito, dangan nga lang at hinihingi ng pagkakataon na maging mailap siya. Sa tingin kasi niya ay mas mainam kung walang makikita si Doña Magda na lalo pang ikakasira ng papel ng kababata rito.